

## Paraan ng eksamenasyon ng paningin sa bahay

### Mga kailangang ihanda

- 1 Target ng paningin : Gupitin ang bawat bilog na nasa baba ng pahina, idikit sa 20cm na kuwadrado puting papel at gawin itong target ng paningin. (Mangyaring sangguniin ang larawan 1.)
- 2 Tapal sa mata : Tiklupin ng 5cm na pa-kuwadrado ang gauze(gasa) o tisyu at idikit ng maigi gamit ang band aid o skots tape para hindi masilip.
- 3 Isang ruler o panukat para sukatin ang distansya

### Paraan ng tsek-up o eksaminasyon

- 1 Isasagawa sa maliwanag na kwarto na posibleng makabasa ng libro.
- 2 Mag pa-praktis ng eksamenasyon sa paningin
  - ( 1 ) Ilayo ang bata ng 1m at magharap harapan at ipakita ang malaking bilog na tatargetin ng paningin. Unahin, gawin ito na bukas ang dalawang mga mata.
  - ( 2 ) Ipaturo sa bata kung anong direksyon ang putol sa bilog(Landolt C) o utusang gumawa ng bilog sa makapal na papel katulad ng larawan 2 at ipahawak ito. Pasagutin siya sa paraan na ipapatugma ang putol sa bilog(Landolt C).
  - ( 3 ) Ang direksyon ng putol sa bilog(Landolt C) ay may apat na direksyon na kanan, kaliwa, taas, baba.  
Kapag papalitan ang direksyon ng target ng paningin, siguraduhing itago muna ang mata bago palitan ito.
  - ( 4 ) Kapag naka layo ng 1m, gawing naman ng 2.5m ang layo (Mangyaring lang sukatin maiigi.)
  - ( 5 ) Buksan ang mga mata kung masasagot ba ng tama ang direksyon ng putol sa bilog(Landolt C)?
  - ( 6 ) Ito ay praktis para takpan ang isang mata. Takpan ang bawat kanang mata, kaliwang mata at mangyaring ipasagot ito.
- 3 Kapag naunawaan na ang paraan ng eksamenasyon, sisimulan na ang tsek-up.
  - ( 1 ) Gamitin ang maliit na bilog ng target ng paningin at gawin sa 2.5m. Ang paraan ng pag gamit sa eksamen ay pareho ng malaking bilog
  - ( 2 ) Una, gawin ang eksamenasyon sa dalawang mga mata. Ipakita ang direksyon ng taas baba kanan kaliwa at sabihing 「Nakikita」 kung nasagot ng maigi ang mahigit tatlong direksyon.
  - ( 3 ) Pangalawa, takpan ang kaliwang mata at isasagawa ang tsek-up sa kanang mata. Kung ayaw o nahihirapan tumingin, unahing muna itsek-up ang kaliwang mata. Ang desisyon ay tulad ng (tsek-up ) sa dalawang mata.
  - ( 4 ) Pagkatapos, palitan ang tatakpan na mata para gawin ang tsek-up ng kaliwang mata(o kanang mata) at huhusgahan ito.
  - ( 5 ) Ang resulta ay isulat sa patlang ng tanong na papel. <Resulta ng tsek-up sa paningin >

Larawan 1      Paraan ng pag pakita ng target ng paningin.



Larawan 2      Paraan ng pagsagot sa putol ng bilog(Landolt C).

